REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

KAPASIYAHAN BILANG 92-12

KAPASIYAHAN NA BINIBIGYANG KAPANGYARIHAN ANG SANGGUNIANG BAYAN NA MAGPROSESO AT MAGBIGAY PAHINTULOT SA MGA PLANONG PANG-SUBDIBISYON AYON SA ITINATAKDA NG RA 7160.

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

IPINANUKALA NINA KGG. NOLASCO L. DIAZ AT
KGG. ROGER SMITH

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, itinatadhana ng Seksiyon 117 (a) (2) (x), Seksiyon 158 (a) (2) (x) ng RA 7160 na ang Sangguniang Bayan ay maaaring magproseso at magbigay pahintulot sa mga planong pang-subdibisyon para sa pamahayan, pangkalakalan, pang-industriyal, at iba pang mga proyektong pangkaunlaran, at maaaring humingi ng kabayaran sa pagpoproseso at iba pang singilin at ng mga makakalap mula rito ay mapupunta sa Pamahalaang Bayan;

SAPAGKAT, ang HLURB ang siyang kasalukuyang nagpoproseso at nagbibigay pahintulot sa mga planong pang-subdibisyon;

SAPAGKAT, ipinanukala ng HLURB na isalin sa Pamahalaang Lokal ang gawaing nabanggit alinsunod sa isinasaad ng RA 7160, iba pang mga batas at sa balangkas ng Exec. Order na ipinanukala ng HLURB sa mas nakatataas na awtoridad.

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ay handa at may kakayahan na akuin ang nasabing gawain dahil ito ay may sapat na tauhan na may kakayanang teknikal.

NGAYON, DAHIL DITO, buong pagkakaisang pinagpasiyahan na ang Sangguniang Bayan ay binibigyang kapangyarihan ayon sa batas na magproseso at magbigay pahintulot sa mga planong-pang-subdibisyon para sa mga pamahayan, pangkalakalan, pang-industriyal at iba pang mga proyektong pangkaunlaran at maaaring humingi ng kabayaran sa pagpoproseso at iba pang mga singilin at ang mga makakalap mula rito ay mapupunta sa pamahalaang Bayan, alinsunod sa mga sumusunod na probisyon:

1. Padadalhan ng Sangguniang Bayan ang HLURB sa Tanggapan nito ng sipi ng Kapasiyahang ito, tatlumpung (30) araw bago magkabisa ang Kapasiyahang ito.

2. Ang pagpoproseso at pagbibigay pahintulot sa mga planong pang-subdibisyon ng Sangguniang Bayan ay ayon sa PD 957, iba pang mga batas, mga patakaran, tuntunin, at pamantayang itinatakda ng HLURB, kabilang ang sistema ng Balanced Housing Development na isinasaad ng Seksiyon 18 ng RA 7279 at ang mga tuntunin sa pagpapatupad at mga lathalaing ipinahayag ng HLURB at iba pang mga kaugnay na batas at tuntunin sa pagpapatupad na maaaring ipahayag ng mga kinauukulang awtoridad.

REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

Kapasiyahan bilang 92-12

3. Kapag ang mga planong pang-subdibisyon na binigyang pahintulot ng Sangguniang Bayan ay hindi ayon sa mga umiiral na mga batas, tuntunin, patakaran at pamantayan, sa sistema ng Balanced Housing Development, ay hindi maglalabas ang HLURB ng Certificate of Registration at License to Sell para sa mga proyekto ng subdibisyon at hihilingin ng HLURB mula sa mga may-ari ng subdibisyon na baguhin ang planong pang-subdibisyon ayon sa batas at bibigyan ng sipi ng binagong plano ang Sangguniang Bayan na inaprubahan ng HLURB.

4. Ang mga pagsalungat sa mga kahilingan na bigyang pahintulot ang mga planong pang-subdibisyon na iniharap sa Sangguniang Bayan ay aaksiyunan ng Sangguniang Bayan; ang mga reklamo sa kaayusan ng pagbibigay ng pahintulot sa mga planong pang-subdibisyon ng Sangguniang Bayan ay diringgin at pagdedesisyunan ng Sangguniang Bayan; ang pagmomonitor sa pagsunod sa lahat ng pagbibigay pahintulot na ginawa ng Sangguniang Bayan ay isasagawa ng Sangguniang Bayan sa pakikipag-ugnayan sa Tanggapan ng Punong Bayan at ng HLURB.

5. Ang HLURB ang magpapasiya sa mga apila ukol sa alinmang aksiyon o desisyon ng Sangguniang Bayan o ng Tanggapan ng Punong Bayan ukol sa pagbibigay o di pagbibigay pahintulot sa mga planong pang-subdibisyon, mga aksiyon sa pagsalungat at pagsunod, pagsubaybay, at mga desisyon sa mga reklamo sa kaayusan ng nasabing pagbibigay-pahintulot.

6. Walang tauhan, gamit, o badyet at iba pang pag-aari ng HLURB na ililipat sa Pamahalaang Bayan kaalinsabay ng pagsasalin ng nasabing gawain, ayon sa isinasaad ng Exec. Order 503 at 507 na ipinalabas noong ika-22 ng Enero at ika24 ng Pebrero ng taong kasalukuyan.

7. Ang lahat ng aplikasyon para sa pagbibigay pahintulot sa mga planong pang-subdibisyon na tinanggap ng HLURB bago ipatupad ang Kapasiyahan na ito ay aaksiyunan ng HLURB.

PINAGPASIYAHAN ngayong ika-7 ng Setyembre, 1992 sa pang 9th pangkaraniwang pulong ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila.

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang.Punong Bayan/Pangulong Opisyal

Kgg. ROGER C. SMITH
Kagawad

Kgg. RUFINO B. JOAQUIN
Kagawad

REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

Kapasiyahan bilang 92-12

Kgg. ROMAN E. NIEFES
Kagawad

Kgg. DANTE S. ALMARIO
Kagawad

Kgg. ARTURO S. BUNYI
Kagawad

Kgg. LUCIO B. CONSTANTINO
Kagawad

Kgg. MELCHOR R. TEVES
Kagawad

Kgg. REY E. BULAY
Kagawad

Kgg. NOLASCO L. DIAZ
Kagawad

Kgg. ALEJANDRO L. MARTINEZ
KagawadKagawad

Kgg. ERNESTO A. CARUBIO
Kagawad

Kgg. REYNALDO ABAS,JR.
Kagawad

Kgg. VICENTE YU CHUA
Kagawad
Kinatawan ng Sektor
Pangulo, Samahan ng mga Punong-Barangay

PINATUTUNAYAN :

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY :

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan

PBS/vts